WCB FACTS 2018

PAGSUSUMITE NG MGA INVOICE SA DEPARTAMENTO NG TULONG MEDIKAL NG WCB

Kailan pinoproseso ng WCB ang aking mga invoice?

Pinoproseso ng **Departamento ng Tulong Medikal** (Medical Aid Department) ng WCB ang mga pagbabayad para sa mga tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan at mga tagatustos na medikal ng dalawang beses sa isang buwan (ini-isyu ang mga pagbabayad ng o bandang ika-15 at ika-30 ng buwan at ipinapadala sa koreo sa susunod na araw ng kalakalan).

Ipinapadala sa koreo ang isang sulat sa pagpapadala ng bayad kasama ang iyong tseke; kung natatanggap mo ang iyong pagbabayad sa pamamagitan ng direktang deposito, ang isang sulat sa pagpapadala ng bayad ay ipapadala sa koreo kapag ang iyong deposito ay naproseso na. Kasama sa mga sulat sa pagpapadala ng bayad ang mga detalye ng kung ano ang binayaran; maaaring gamitin itong impormasyon para mapagkasundo ang iyong mga talaan. Mangyaring itago ang iyong mga sulat sa pagpapadala ng bayad ng dalawang taon, para sa iyong sariling talaan.

Anong impormasyon ang dapat kong isama sa aking invoice sa WCB?

Bilang pagsusumikap na matiyak ang hindi nagbabago at nasa oras na billing o pagpapadala ng mga invoice, at mga pagbabayad na nasa oras at wasto, kinakailangan ng WCB ang sumusunod na impormasyon sa iyong mga invoice:

Kung ikaw ay isang **propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan**:

- Kasalukuyang numero sa paghahabol
- Pangalan ng napinsalang manggagawa, kapanganakan at adres sa pagpapadala ng sulat
- Petsa ng pinsala, pagsusuri at/o bahagi ng pinsala
- Pangalan at adres ng employer
- Tamang petsa ng sinisingil na serbisyo
- Mga code ng taripa at mga naaangkop na singil
- Ang numero ng account para sa WCB, kasama na ang adres, numero ng telepono at fax, at lagda

Mangyaring bisitahin ang aming website sa www.wcb.mb.ca/resources/healthcare-form para sa aming BAGONG pangkalahatang pormularyo sa pagsingil para sa mga doktor at mga kiropraktor.

Sa kasalukuyan, sinusunod ng WCB ang gabay/iskedyul ng bayad na inisyu ng Manitoba Health. Ang mga singil ng manggagamot at ospital ay binabayaran ayon sa Manitoba Physician's Manual, kabilang ang mga singil ng interprobinsyal billing.

Kung ikaw ay **klinika ng physiotherapy**:

- Kasalukuyang numero sa paghahabol
- Pangalan ng napinsalang manggagawa, kapanganakan at adres sa pagpapadala ng sulat
- Petsa ng pinsala, pagsusuri at/o bahagi ng pinsala
- Petsa ng una at/o mga sumunod na pagbisita
- Mga code/paglalarawan ng taripa at mga naaangkop na singil
- Ang numero ng account para sa WCB, kasama na ang adres, numero ng telepono at fax

Kung isa kang **vendor** (hal., mga nagsu-supply na kumpanya, propesyonal na serbisyo, paaralan, atbp.):

- Kasalukuyang numero ng WCB sa paghahabol
- Pangalan ng napinsalang manggagawa at adres para sa pagpapadala ng sulat
- Tamang petsa ng sinisingil na serbisyo
- Kumpletong paglalarawan ng mga sinisingil na serbisyo, kabilang ang mga nauukol na bayarin
- Ang numero ng account para sa WCB, kabilang ang pangalan ng kompanya, adres, numero ng telepono at fax

Kung ikaw ay isang klinika para sa pagkawala ng pandinig, mangyaring gamitin ang aming Hearing Loss Billing Invoice, na matatagpuan sa www.wcb.mb.ca/resources/healthcare-form.

Kung isa kang **parmasya**:

- Kasalukuyang numero ng WCB sa paghahabol
- Pangalan ng napinsalang manggagawa at adres sa pagpapadala ng sulat
- Petsa ng pagpupuno ng reseta
- Panagalan ng gamot, DIN at dami
- Pangalan at adres ng nagreresetang doktor
- Halaga ng reseta
- Ang numero ng account para sa WCB, kasama na ang adres, numero ng telepono at fax

Mangyaring i-file ang bawat napinsalang manggagawa ng WCB nang hiwa-hiwalay ayon sa buwan ng serbisyo.

Gaano ako katagal dapat maghintay ng bayad bago isumite muli ang isang invoice?

Ang layunin ng WCB ay bayaran ang invoice sa tamang oras; lahat ng pagsusumikap ay ginagawa upang maproseso ang mga invoice sa loob ng 30 araw ng negosyo mula nang ito ay natanggap. Gayunpaman, kung kailangan mong isumite muli ang isang invoice, mangyaring maghintay ng kahit **45 araw ng negosyo** mula sa petsa na orihinal mong sinumite ang invoice sa WCB. Kung isusumite mong muli ang isang invoice, mangyaring tiyakin na isulat ang iyong "over-due" (lampas sa takdang petsa) o "re-submission" (muling pagsusumite) sa iyong invoice at gagawin namin ang aming makakaya para tiyakin na masuri kaagad ang iyong invoice.

Anu-anong mga serbisyo ang kailangan munang pahintulutan ng WCB?

Ang mga serbisyo para sa physiotherapy, paggamot sa pamamagitan ng chiropractic, at operasyon ay kailangan munang pahintulutan ng Tagapamagitan at/o Tagapamahala ng Kaso. Kapag nagdududa, mangyaring direktang makipag-ugnayan sa Tagapamagitan at/o Tagapamahala ng Kaso para mag-usap.

Gaano ako katagal maghihintay bago magpadala ng invoice sa WCB?

Mangyaring padalhan kaagad ng invoice ang WCB o sa isang regular na nakatakdang batayan. Walang ipoprosesong mga invoice ang WCB **pagkatapos ng12 buwan** mula sa petsa ng huling appointment sa doktor ng manggagawa, o **pagkatapos ng 12 buwan** ng petsa mula nang bumalik ang manggagawa sa trabaho kasunod ng insidente (alinman sa panahon ang mas maikli).

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa Seksyon 27(14) ng *The Workers Compensation Act*, na makikita sa http://www.wcb.mb.ca/the-workers-compensation-act-and-regulations.

Eksemsyon ng GST

Ang Lupon sa Sahod ng mga Manggagawa ay kasama sa ilalim ng saklaw ng Panlalawigang Korona para sa mga layuning GST/HST, at, ito ay hindi sumasailalim sa mga buwis sa mga kalakal at serbisyo na ito.

May Mga Katanungan?

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.

Para sa anumang mga pagtatanong, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Serbisyo Sentral ng Pag-angkin sa 204-954-4321 o nang walang bayad, sa 1-855-954-4321.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.